Ministeryo ng Kalusugan

## Pahintulot para sa Pagkolekta,Paggamit at Pagsisiwalat ng Sosyodemograpikong Impormasyon

Ang Ministeryo ng Kalusugan ay nangongolekta ng sosyodemograpikong impormasyon mula sa mga taong kumukuha ng bakuna sa COVID-19. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa kanilang lahi, etnisidad, kita, laki ng sambahayan, at wika.

Kung magpasiya kang ibigay ang impormasyong ito sa Ministeryo, gagamitin at isisiwalat ito ng Ministeryo para sa layunin ng pagpaplano kung paano ibinabahagi at itinataguyod ang bakuna sa Ontario, at iba pang mga layunin na pinahihintulutan at kinakailangan ng batas.

Gagamitin ng Ministeryo ang impormasyon upang gumawa ng mga ulat na pampublikong magagamit. Ang mga ulat na ito ay hindi magsasama ng anumang impormasyon na maaaring magamit upang matukoy ka. Titiyakin ng Ministeryo na ang impormasyong ito ay responsableng ginagamit at ginagalang ang pagkapribado ng mga tao.

Ang anumang impormasyon na iyong ibibigay ay iiimbak sa sistema ng COVax at magagamit ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga klinika ng pagbabakuna. Ang COVax ay isang sistema ng pagtatala sa ilalim ng pangangalaga at kontrol ng Ministeryo.

**Ang pagbibigay ng impormasyong ito ay boluntaryo.**
Hindi mo kailangang ibigay ang impormasyong ito kung hindi mo gusto. Ikaw ay hindi tatanggihan ng bakuna sa COVID-19 o aanumang iba pang mga serbisyo kung hindi ka magpahintulot. Maaari kang magbigay ng mga sagot sa lahat, sa ilan o wala sa mga tanong.

Kung magbibigay ka ng impormasyon at pagkatapos ay magbago ang iyong isip tungkol sa paggamit nito sa hinaharap, maaari mong kontakin ang Ministeryo upang hilingin na ang sosyodemograpikong impormasyon ay hindi gamitin o isiwalat.

Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pag-email sa Ministeryo sa ConsentWD@ontario.ca.

Pumapayag ka bang magbigay ng iyong impormasyon sa Ministeryo?

☐ **Pumapayag akong magbigay ng aking sosyodemograpikong data para sa mga layunin na inilarawan.**

| **Ano ang iyong etniko o pinagmulang (mga)kultura?**<br>Mga halimbawa: Canadian, Tsino, East Indian, Ingles, Italyano, Filipino, Scottish, Irish, Portuges, Aleman, Polish, Dutch, Pranses, Jamaican, Pakistani, Iranian, Sri Lankan, Koreano, Ukrainian, Lebanese, Guyanese, Somali, Colombian, Jewish, atbp. |
|---|

**Alin ang pinakamahusay na naglalarawan sa iyo?** Piliin lahat ng naa-aplay.

| **Mga Kategorya ng Lahi** | **Paglalarawan/mga halimbawa** |
|---|---|
| ☐ Itim | Aprikano, Afro-Caribbean, Aprikanong-Canadian na pinagmulan |
| ☐ Silangang Asyano | Tsino, Koreano, Hapon, Taiwanese na pinagmulan |
| ☐ Timog-silangang Asyano | Filipino, Vietnamese, Cambodian, Thai, Indonesian, ibang Timog-silangang Asyanong pinagmulan |
| ☐ Latino | Latinong Amerikano, Hispanikong pinagmulan |
| ☐ Gitnang Silangan (Middle Eastern) | Arabo, Persian, Kanlurang Asyano na pinagmulan, hal. Afghan, Egyptian, Iranian, Lebanese, Turkish, Kurdish, atbp. |
| ☐ Timog Asyano | Timog Asyanong pinagmulan, hal. Silangang Indian, Pakistani, Bangladeshi, Sri Lankan, Indo-Caribbean, atbp. |
| ☐ Puti | European na pinagmulan |
| ☐ Iba pang kategorya ng lahi | Pakitukoy: |

| | | |
|---|---|---|
| **Ano ang iyong kabuuang sambahayang kita bago ang mga buwis noong nakaraang taon?**<br>Pumili ng isa. | ☐ $0-$29,999<br>☐ $30,000-$49,999<br>☐ $50,000-$69,999<br>☐ $70,000-$99,999 | ☐ $100,000 - $149,999<br>☐ $150,000 o mahigit<br>☐ Hindi alam<br>☐ Mas gustong hindi sagutin |
| **Kasama ang iyong sarili, gaano karaming mga miyembro ng pamilya ang nakatira sa iyong sambahayan sa isang regular na batayan?** | ☐ 1 ☐ 2 ☐ 3 ☐ 4 ☐ 5 ☐ 6<br>Iba:<br>☐ Hindi alam<br>☐ Mas gustong hindi sagutin | |

| **Ano ang wika na una mong natutunan sa bahay noong pagkabata at naiintindihan pa din?**<br>Pakitukoy: |
|---|

| | | |
|---|---|---|
| **Alin sa mga opisyal na wika ng Canada, Ingles o Pranses ka pinaka- komportable?** | ☐ Pranses<br>☐ Ingles<br>☐ Parehong Ingles at Pranses | ☐ Hindi alam<br>☐ Hindi sa alinman<br>☐ Mas gustong hindi sagutin |